Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeMs)

# FILIPINO 9 (Ikaapat na Markahan-USLeMs:1)

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**



| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Mark Ryan V. Canimo |
| **Tagaguhit:** | Paolo N. Tardecilla |
| **Tagalapat:** | Maru U. Panganiban |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Tagasuri ng Wika:** | Galcoso C. Alburo |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS in Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Galcoso C. Alburo, EPS in Filipino SDO-Marikina City<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |



(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## Inaasahan

Sa pag-aaral ng USLeM na ito, inaasahang maisagawa mo ang sumusunod:

A. Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng:
- Pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat nito;
- Pag-iisa-isa sa mga kondisyon ng lipunan sa panahong isinulat ito; at
- Pagpapatunay sa pag-iral pa ng mga kondisyong ito sa kasalukuyang panahon sa lipunang Pilipino

B. Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan bago at matapos isinulat ang akda
C. Natutukoy ang mga kontekstuwal na pahiwatig sa pagbibigay-kahulugan
D. Nabibigyang-patunay na may pagkakatulad/pagkakaiba ang binasang akda sa ilang napanood na telenobela

## Unang Pagsubok

Bago ka mag-umpisa ng aralin, isagawa ang mga gawain upang masukat ang iyong kaalaman.

A. Hanapin sa loob ng kahon ang tinutukoy ng mga pahayag sa bawat bilang.

| | |
|---|---|
| 1884 Maximo Viola | 'The Wandering Jew" |
| "Huwag mo akong salingin | 1887 |
| Dr. Ferdinand Blumentritt | Madrid |

1. Kaibigan ni Rizal na nagpahiram ng salapi upang maipalimbag ang Noli Me Tangere.
2. Aklat na inspirasyon ni Rizal sa pagsulat ng una niyang nobela.
3. Lugar na doon inumpisahan ang pagsusulat ng Noli Me Tangere.
4. Ibig sabihin ng pamagat na 'Noli Me Tangere."
5. Taon natapos isulat ni Rizal ang Noli Me Tangere.

B. Pagtapat-tapatin: Hanapin sa Hanay B ang nagbigay ng mga pahayag sa Hanay A mula sa nobelang Noli Me Tangere. Isulat lamang ang letra ng tamang sagot.

**HANAY A**

1. "Tunay pong hindi ako maaaring umibig ni lumigaya sa sariling bayan ngunit nakahanda akong magtiis at mamatay rito. Hangad ko na ang lahat ng Inang Bayan ay magiging kasawian ko rin."

2. "Dapat bigyang dangal ang isang mabuting tao habang buhay pa hindi kung patay na."

3. "Ang karunungan ay para sa lahat, ngunit huwag mong lilimuting iya'y natatamo ng mga may puso lamang."

**HANAY B**


A. Don Rafael Ibarra
B. Elias
C. Maria Clara
D. Guro
E. Pilosopo Tasyo
F. Crisostomo Ibarra

4. "Mahal ko ang aking bayan pagkat utang ko rito at magiging utang pa ang aking kaligayahan."

5. "May mga lalong dakilang bagay na dapat mong isipin- ang hinaharap ay nabubuksan pa lamang para sa iyo, sa akin ay ipinipinid na..."

## Balik-Tanaw

Bago ka magpatuloy, balik-aralan mo ang mga kasanayang natutuhan mo na. Isulat sa loob ng bilog ang natatanging Kulturang Asyano na masasalamin sa mga akdang pampanitikang nagmula dito.




## Pagpapakilala ng Aralin

**Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere**

Bata pa lamang si Rizal ay naging saksi na siya sa kalunos-lunos na kalagayan ng Pilipinas dahil sa pangmamalabis ng mga Kastila sa mga Pilipino. Maging ang kaniyang inang si Donya Teodora ay nakaranas ng kawalang-katarungan sa mga panahong iyon sapagkat siya ay nabilanggo dahil sa maling paratang. Ang mga kalagayang ito ang nagpakilala sa kaniya na ang kaniyang bayan ay nangangailangan ng malaking pagbabago.

Ang Noli Me Tangere ay ang kauna-unahang nobela na isinulat ni Jose Rizal noong siya ay magdadalawapu't apat na taong gulang. Naging inspirasyon niya ang mga aklat na "The Wandering Jew" ni Eugene Sue, "Uncle Tom's Cabin" ni Harriet Beecher Stowe at ang bibliya na tumatalakay sa kalupitan ng mga may kapangyarihan sa mga tao. Ito ang nagbigay sa kaniya ng lakas ng loob at ideya na ipagtanggol ang mga Pilipinong labis na nagdusa dahil sa mga mananakop.

Binalak ni Rizal na ipasulat ang bawat bahagi ng nobela sa ilang kababayang nakaranas ng pagmamalupit ng mga Kastila ngunit nabigo siyang isakatuparan ito kaya naman sinimulan niyang isulat mag-isa ang unang bahagi ng nobela noong 1884 sa Madrid, Espanya habang nag-aaral siya ng medisina. Matapos ang pag-aaral ay pumunta siya sa Paris at doon ay natapos niya ang ilan pang bahagi ng nobela. Natapos ang kabuoan ng nobela noong Pebrero 21, 1887 sa Alemanya.

Sa kaniyang liham sa kaibigang si Dr. Ferdinand Blumentritt, ipinaliwanag niya ang layunin sa pagsulat ng nobela na maliwanag na inilarawan sa mga kabanata nito. Layunin niyang ilarawan ang kalagayan ng lipunan, paniniwala, hangarin, karaingan at pagdadalamhati sa mga panahon ng mga mananakop.

Naging pagsubok din kay Rizal ang pagpapalimbag ng nobela dahil sa kakapusan ng salapi. Pinahiram siya ng kaibigang si Maximo Viola ng salapi upang matapos na ang pagpapalimbag ng nobela.

Lumaganap ang 2,000 kopya ng nobela sa Pilipinas at nakarating din ito sa mga Espanyol na labis na nagalit sa nilalaman ng nobelang ito ni Rizal. Sumailalim ito sa panunuri ng mga Espanyol na nagpasiyang ipagbawal ang pag-angkat, pagpapalimbag at pagpapakalat ng kaniyang aklat.

Ang pamagat na Noli Me Tangere ay salitang Latin na ang ibig sabihin ay "Huwag mo Akong Salingin" o "Touch Me Not" sa wikang Ingles.

Sa kasalukuyan, ang nobelang ito ni Rizal ay naisalin sa iba't ibang wikang banyaga at patuloy na nagbibigay inspirasyon sa mga nakababasa nito.

# Gawain

A. Isa-isahin ang kondisyon ng lipunan noong isulat ni Rizal ang Noli Me Tangere at magbigay ng mga pangyayari na nagpapatunay na ito ay umiiral pa rin sa kasalukuyan sa pamamagitan ng pagpuno sa talahanayan sa ibaba.

| **Kondisyon ng Lipunan Noong Isinulat ang Noli Me Tangere** | **Patunay ng Pag-iral Nito sa Kasalukuyan** |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| **Ano ang layunin ni Rizal sa pagsulat ng Noli Me Tangere?**<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | |

B. Gumuhit sa kahon ng isang bagay na maaaring maglarawan sa kalagayang panlipunan bago at matapos isulat ang Noli Me Tangere. Isulat ang iyong paliwanag sa ibaba.

| Kalagayang Panlipunan Bago Isinulat ang Noli Me Tangere | Kalagayang Panlipunan Matapos Isulat ang Noli Me Tangere |
|---|---|
| | |

________________________________ ________________________________
________________________________ ________________________________
________________________________ ________________________________
________________________________ ________________________________
________________________________ ________________________________
________________________________ ________________________________
________________________________ ________________________________

C. Basahin ang buod ng Kabanata 1 ng nobelang Noli Me Tangere.

**Kabanata 1: Ang Pagtitipon**

Isang marangyang salo-salo ang inihanda ni Don Santiago Delos Santos o mas kilala bilang Kapitan Tiyago na dinaluhan ng maraming panauhin. Si Tiya Isabel, pinsan ni Kapitan Tiyago ang siyang umiistima sa mga bisita kabilang ang mag-asawang sina Dr. de Espadana at Donya Victorina, Tinyente Guevarra, ang mga prayleng sina Padre Sibyla at Padre Damaso at isang dayuhan.


Naging mausisa ang dayuhan tungkol sa mga Pilipino, kabilang ang mga Indio. Hindi naging maganda ang binitawang salita ni Padre Damaso tungkol sa mga Indio ng mabanggit ang monopolyo sa tabako sa kanilang usapan na nauwi sa paghamak niya sa mga Indio. Dahil dito, gumawa ng paraan si Padre Sibyla na maiba ang usapan hanggang sa matalakay ang pagkakatanggal ni Padre Damaso bilang kura paroko ng San Diego matapos ang 20 taon. Para kay Padre Damaso ay hindi dapat nakikialam ang hari ng Espanya sa pagpaparusa sa mga erehe na tinutulan naman ni Tinyente Guevarra. Inilahad ng tinyente ang tunay na dahilan ng pagkakalipat ng kura sa ibang Parokya. Ito ay dahil sa pagpapahukay niya ng bangkay ng isang marangal na lalaking napagbintangang isang erehe dahil sa hindi nito pangungumpisal.

Ikinagalit ni Padre Damaso ang mga sinabi ng tinyente lalo na nang maalala niya ang nawawalang dokumento kaya namagitan na si Padre Sibyla upang pakalmahin ang kasamahang prayle.

D. Ibigay ang kahulugan o kontekstuwal na pahiwatig ng mga salitang may salungguhit.


| | **KONTEKSTWAL NA PAHIWATIG** |
|---|---|
| 1. Isang marangyang salo-salo ang inihanda ni Don Santiago Delos Santos o mas kilala bilang Kapitan Tiyago na dinaluhan ng maraming panauhin. | |
| 2. Si Tiya Isabel, pinsan ni Kapitan Tiyago ang siyang umiistima sa mga bisita | |
| 3. Hindi naging maganda ang binitawang salita ni Padre Damaso tungkol sa mga Indio ng mabanggit ang monopolyo sa tabako sa kanilang usapan na nauwi sa paghamak niya sa mga Indio. | |

E. Alalahanin ang isang telenobelang napanood mo na. Patunayan na may pagkakatulad o/at pagkakaiba ang binasang buod ng kabanata sa napanood na telenobela sa pamamagitan ng Venn Diagram.



## Tandaan


1. Ang Noli Me Tangere ay ang kauna-unahang nobela ni Jose Rizal.
2. Ang pamagat na "Noli Me Tangere" ay salitang Latin na ang ibig sabihin ay "Huwag mo akong salingin".
3. Ang layunin ni Rizal sa pagsulat ng Noli Me Tangere ay malinaw na makikita sa bawat kabanata ng nobela.




## Pag-alam sa mga Natutuhan

Suriin ang iyong mga natutuhan sa tulong ng sumusunod na gawain:

A. Punan ang timeline ng mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng pagkakabuo o pagkakasulat ng Noli Me Tangere.



B. Ibigay ang kahulugan o kontekstuwal na pahiwatig ng sumusunod na mga pahayag mula sa mga tauhan ng Noli Me Tangere.

| PAHAYAG | KONTEKSTWAL NA PAHIWATIG |
|---|---|
| "Ako'y mamamatay na hindi man lamang nakita ang maningning na pagbubukang liwayway sa aking bayan. Kayong makakakita, batiin ninyo siya at huwag kalilimutan ang mga nalugmok sa dilim ng gabi."- Elias | |
| "Ang bayan po'y di dumaraing dahil siya'y pipi, di tumitinang dahil natutulog. Subali't darating ang panahong malalantad ito sa inyo at mapakikinggan ang kaniyang mga panaghoy. Pagsapit ng araw na ito,... sasambulat sa lahat ng dako ang mga naipong luha; himutok at buntong-hiningang matagal na panahong kinimkim sa puso ng bayan." – Piloso Tasyo | |
| "Ginto ang sinadya ng mga banyaga sa iyong bayan kaya't ikaw ay pumunta rin sa kanilang bayan upang tumuklas din ng ginto. Gayun pa man, unawain mong hindi lahat ng kumikinang ay ginto." – Matandang Pari | |

# Pangwakas na Pagsusulit

Ngayong naunawaan mo na ang aralin, oras na para sukatin ang iyong natutuhan.

A. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod na aklat ang hindi kabilang sa inspirasyon ni Rizal sa pagsulat ng Noli Me Tangere?
   a. Bibliya
   b. The Wandering Jew
   c. The Scarlet Letter
   d. Uncle Tom's Cabin
2. Paano nakatulong si Maximo Viola sa pagkakabuo o pagkakalathala ng unang nobela ni Rizal?
   a. Nagsagawa siya ng pananaliksik tungkol sa kalagayan sa Pilipinas.
   b. Pinahiram niya ng salapi si Rizal upang ipambayad sa pagpapalimbag ng aklat.
   c. Sumulat siya ng ilang kabanata ng nobela.
   d. Wala

3. Alin sa sumusunod na mga pangyayari sa kabanata 1 ang umiiral pa rin sa kasalukuyan?
   a. Ang simbahan ang may kapangyarihan sa pamahalaan.
   b. May mga opisyal na napaparusahan dahil sa maling paggamit ng kapangyarihan.
   c. Tanging mga kababaihan ang umiistima sa mga bisita.
   d. Walang pagkakatulad ang kalagayang panlipunan noon at ngayon.
4. Kailan natapos ni Rizal ang pagsulat ng kabuoan ng Noli Me Tangere?
   a. Pebrero 21, 1887 c. Pebrero 23, 1887
   b. Pebrero 22, 1887 d. Pebrero 24, 1887
5. "Dapat bigyang dangal ang isang mabuting tao habang buhay pa hindi kung patay na." Ano ang pinakaangkop na pagpapakahulugan sa pahayag ni Pilosopo Tasyo batay sa konteksto?
   a. Dapat magbigay na ng abuloy bago pumanaw ang isang tao.
   b. Magbigay-pugay sa mga tao na malapit ng pumanaw.
   c. Magpakita ng pagpapahalaga sa kapwa sa anomang pagkakataon.
   d. Magsagawa ng programa ng pagpapahalaga sa mga buhay na tao.

B. Sumulat ng maikling sanaysay na maglalarawan sa kalagayang panlipunan noong panahon isinulat ang Noli Me Tangere. Magbibigay ng mga patunay na umiiral pa rin ang mga kalagayang ito sa kasalukuyang panahon.

| **Pamantayan sa Pagmamarka:** | **ISKOR** |
|---|---|
| Mahusay na natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng nobela | 40 |
| Mahusay na nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan bago at matapos isinulat ang akda | 40 |
| Mahusay na naisagawa ang kabuoan ng gawain | 20 |
| **KABUOAN** | **100** |

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok A:**
1. Maximo Viola
2. The Wandering Jew
3. Madrid
4. Huwag mo akong salingin
5. 1884

**Unang Pagsubok B:**
1. B
2. E
3. D
4. F
5. A

**Pangwakas na Pagsusulit A:**
1. C
2. B
3. B
4. A
5. C

## Sanggunian

file:///C:/Users/LENOVO/OneDrive/Documents/filipino%20files/filipino_9_tg_draft_4.1.2014.pdf

http://lrmds.depedldn.com/DOWNLOAD/MODYUL_22_PANGUNGUSAP_NA_NAGPAP.PDF

https://www.panitikan.com.ph/kaligirang-pangkasaysayan-ng-noli-me-tangere-buod

https://www.youtube.com/watch?v=V5mhDDvqxk0